タガログ語

Para sa mga Ipinanganak sa Ibang Bansa

# Chest X-ray Exam

X-ray fee

**0 yen**

**Libre**


Kumuha ng chest X-ray exam upang agarang matuklasan ang TB.

## Daloy ng X-ray exam

**1** Gumawa ng appointment sa ward office




**2** Pumunta sa X-ray exam venue



**3** Kumuha ng chest X-ray exam



**4** Ipapadala ang mga resulta sa pamamagitan ng koreo



**◯ Mga taong maaaring kumuha ng X-ray exam**

Mga taong 16 taong gulang o higit pa na ipinanganak sa mga bansa kung saan maraming pasyente ng TB

**✕ Mga taong hindi maaaring kumuha ng X-ray exam**

- Mga taong may ubo o plema. Mga taong may lagnat. Mga taong masakit ang dibdib.
- Mga taong kumuha ng chest X-ray exam sa medikal na pagsusuri ng kompanya o paaralan.
- Mga taong kumuha ng chest X-ray exam sa loob ng nakaraang 3 buwan.

Tingnan ang likuran para sa mga madalas itanong tungkol sa TB

Makipag-ugnayan

南区役所 健康づくり係（４階４１番）

電話(Telephone) 045－341－1185

メール(Mail) mn-kenkou@city.yokohama.lg.jp

# Mga madalas itanong tungkol sa TB

## Anong uri ng sakit ang TB (tuberculosis)?

▶ **Ito ay isang sakit kung saan nagkakaroon ng inflammation sa mga baga dahil sa mikrobyo ng TB.**

### Mga sintomas ng TB

**Kapag nagpatuloy ang mga sintomas nang 2 linggo o higit pa, pumunta sa ospital.**



**Ubo at plema**



**Sinat**



**Pagkapagod ng katawan**

Atbp.

## Nakakahawa ba ang TB?

▶ **Nakakahawa ito sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin.**



Ang mikrobyo ng TB ay lumilipad sa hangin kasama ng "pagtalsik" ng ubo o bahin.
Nakakahawa ito kapag nalanghap ng mga tao sa paligid ang lumipad na bakterya.

## Nagagamot ba ang TB?

▶ **Nagagamot ito sa pamamagitan ng gamot.**



Kailangang uminom ng maraming gamot araw-araw nang 6 hanggang 9 na buwan o higit pa.
Kahit na wala nang mga sintomas, kailangang uminom ng gamot hanggang sa tinakdang araw. Kapag tumigil ang pasyente sa pag-inom ng gamot sa kalagitnaan, hindi siya gagaling.

(Inilathala Pebrero 2024)

Yokohama City Medical Bureau